**Ginagamot ng Henry Ford Health System (HFHS) ang bawat pasyente nang may dignidad, respeto at malasakit. Maaaring lumapit sa HFHS ang mga pasyente para sa patas na pagpepresyo ng mga serbisyong medikal na ibinibigay nito at para sa tulong sa paghahanap ng mga opsyon upang makatulong na pamahalaan ang kanilang mga gastusing medikal.**

**Maaari kang maging kwalipikado para sa tulong sa iyong medikal na bill sa pamamagitan ng aming Programa ng Pinansyal na Tulong sa Pasyente (Patient Financial Assistance Program, PFAP).**

**<u>Paano ako magiging kwalipikado sa pinansyal na tulong?</u>**

Dapat mong matugunan ang ilang partikular na kinakailangan upang maging kwalipikado sa pinansyal na tulong. Ipinapakita ang mga ito sa talahanayan sa ibaba.

| Mga Pamantayan sa Kwalipikasyon | Paraan Para Maging Kwalipikado 1 Tradisyonal | Paraan Para Maging Kwalipikado 2 Katastropiko | Paraan Para Maging Kwalipikado 3 Ipinagpapalagay |
|---|---|---|---|
| Permanenteng Paninirahan sa Estados Unidos | X | X | X |
| Personal na pagtira sa loob ng mga pangunahing lugar ng serbisyo ng HFHS | X | X | |
| Kagustuhang magpagamot sa isang Provider ng HFHS sa isang pasilidad ng HFHS | X | X | X |
| Mas mababa ang kita sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan | X | | X |
| Mas malaki sa 30% ng kita ng sambahayan ang mga medikal na bill sa HFHS | | X | |

**Maaari naming suriin ang mga pasyente para sa pagiging kwalipikado sa paraang retrospective (pagtingin sa nakaraan) batay sa mga pamantayang hindi nakalista sa itaas.*

***Paraan Para Maging Kwalipikado 1 or 3*** *(Tradisyonal o Ipinagpapalagay):* Maaaring maging kwalipikado ka sa 100% diskwento kung may taunang kita ka na nasa o mas mababa sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan. Maaaring maging kwalipikado ka sa bahagyang diskwento kung may taunang kita ka na nasa 251% hanggang 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan.

***Paraan Para Maging Kwalipikado 2*** *(Katastropiko):* Kung matugunan mo ang pamantayan para sa Paraan Para Maging Kwalipikado 2, ang iyong kwalipikadong medikal na utang ay maaaring ibaba sa 30% ng kita ng iyong sambahayan.

Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong ay hindi sisingilin ng higit sa AGB para sa pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga at hindi higit sa mga kabuuang singil para sa lahat ng ibang medikal na pangangalaga. Gumagamit ang bawat Pasilidad ng HFHS ng look–back method para sa pagkalkula ng isa o higit pang porsyento ng AGB. Ang Porsyento ng AGB ay nakukuha sa pamamagitan ng paghati ng kabuuan ng lahat ng Medicare fee-for-service (bayad bawat serbisyo) at mga pribadong insurer ng kalusugan na nagbayad ng mga claim sa Pasilidad ng HFHS sa loob ng 12 buwan, sa kabuuan ng mga kaugnay na kabuuang singil para sa mga claim na iyon.

Ang mga pasyenteng walang insurance na hindi natutugunan ang pamantayan para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito o sa ibang mga available na programa sa pinansyal na tulong na inaalok ng HFHS, ay sisingilin para sa serbisyo batay sa rate ng diskwento para sa mga walang insurance. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa Patakaran ng Diskwento para sa Walang Insurance na mahahanap sa pamamagitan ng pagbisita sa: https://www.henryford.com/visitors/billing.

**Paano ako mag-a-apply para sa pinansyal na tulong?**

Upang mag-apply para sa pinansyal na tulong, dapat mong kumpletuhin ang isang Aplikasyon sa Programa ng Pinansyal na Tulong sa Pasyente at magbigay ng mga sumusuportang dokumento. Mayroon kang hanggang 240 araw matapos mong matanggap ang iyong unang bill upang mag-apply. Pagkatapos matanggap ng HFHS ang iyong nakumpletong aplikasyon, bibigyan ka ng pasiya sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 30 araw.

Para makakuha ng libreng kopya ng aming buong patakaran at/o aplikasyon, maaari kang:

- Makakuha at magkumpleto ng elektronikong aplikasyon sa pamamagitan ng pag-sign in sa MyChart at pagpili ng Financial Assistance (Pinansyal na Tulong) na drop down sa ilalim ng tab na Billing.
- Pumunta sa aming website sa www.henryford.com/financialassistance para mag-download ng libreng kopya, O
- Makipag-ugnayan sa aming CBO Customer Service Department sa (313) 874-7800 para humiling ng kopya na ipapadala sa pamamagitan ng koreo

**Paano ako makakakuha ng higit pang impormasyon?**

- Makipag-ugnayan sa Team ng Pinansyal na Tulong sa (313) 874-7800 O
- Makipag-usap sa aming tauhan sa pagpaparehistro o sa mga pinansyal na navigator nang personal sa mga lokasyong nakalista sa ibaba

Ang lahat ng mga naaangkop na dokumento para sa pinansyal na tulong ay makikita sa https://www.henryford.com/visitors/billing/financial assistance/documents sa iba't ibang wika.

Ang mga lokasyon at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bawat departamentong makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa pinansyal na tulong at kopya ng libreng aplikasyon:

| **Pasilidad** | **Address** | **Telepono/Fax #/E-mail** |
|---|---|---|
| **Henry Ford Allegiance Health Hospitals** | Henry Ford Allegiance Health<br>Department 64787<br>Drawer 64000<br>Detroit, MI 48264 | Telepono: (517) 205-4920 |
| **Henry Ford Hospital and Medical Centers** | Henry Ford Hospital<br>Patient Financial Assistance<br>Planning Office<br>2799 West Grand Blvd.<br>K-1, West 107 Clinic Building<br>Detroit, MI 48202 | Telepono: (313) 916-4510<br>Fax: (313) 916-4501 |
| **Henry Ford Kingswood Hospital & Henry Ford Maplegrove Center** | Behavioral Health Services<br>Attn: BHS Revenue Services<br>1 Ford Place, Room 1F111<br>Detroit, MI 48202 | Telepono: (313) 874-9501<br>Fax: (313) 874-6895 |
| **Henry Ford Macomb Hospitals** | Henry Ford Macomb Hospital<br>Attn: Financial Support<br>15855 19 Mile Rd.<br>Clinton Township, MI 48038 | Telepono: (586) 263-2696<br>Fax: (586) 263-2697 |
| **Henry Ford West Bloomfield Hospital** | Henry Ford West Bloomfield Hospital<br>Attn: Revenue Services<br>6777 West Maple<br>West Bloomfield, MI 48322 | Telepono: (248) 325-0201<br>Fax: (248) 325-0235 |
| **Henry Ford Wyandotte Hospital & Henry Ford Medical Center - Brownstown** | Henry Ford Wyandotte Hospital<br>Attn: Hospital Patient Financial<br>Assistance Programs<br>2333 Biddle Ave.<br>Wyandotte, MI 48192 | Telepono: (734) 916-4501<br>Fax: (734) 246-7926 |